Patnubay para sa Masiglang Pakikibahagi sa Pagdiriwang ng Banal na Misa



# PATNUBAY SA MISA

**1 Disyembre 2024** | **Unang Linggo ng Adbiyento** | **Taon K**

## PAMBANSANG LINGGO NG AIDS

# Adbiyento: Panahon at Pagsibol ng Pag-asa



*Bagong taon muli ng Simbahan. Ngayong Adbiyento, habang ginugunita natin ang maluwalhating pagdating ng Panginoon sa wakas ng panahon at habang inihahanda natin ang ating mga puso para sa pagdiriwang ng Pasko ng pagsilang, isinasaisip rin natin ang pangkasalukuyan at palagiang pagdating ni Kristo sa ating buhay sa pamamagitan ng mga sakramento at gawang dakila sa Simbahan. Sa Misang ito, hilingin natin sa Panginoon na tayo'y maging laging handang tumanggap kay Hesus nang buong puso.*

*Sa unang Linggo ng Disyembre, ginugunita rin natin ang Pambansang Linggo ng AIDS. Ang Simbahan ay nangunguna sa pakikipaglaban sa pagkalat ng AIDS, katuwang ng maraming NGO at ng iba't ibang sangay ng pamahalaan. Sa kabila nito, kailangang dagdagan natin ang ating pakikilahok sa pagsugpo sa pagkalat ng HIV/AIDS na patuloy na nagiging salot sa pondasyon ng ating lipunan: ang pamilya. Alalahanin natin sa pagdiriwang ng Eukaristiyang ito ang mga kapatid nating may HIV/AIDS sampu ng mga tumutulong sa mga dinapuan ng sakit na ito.*

## PASIMULA

### Pambungad

*(Ipahahayag lamang kung walang awiting nakahanda.)*

**Sa iyo'y nananawagan akong walang alinlangan, ikaw ay maaasahang tagapagligtas na tunay sa aglahi ng kaaway.** ***(Salmo 25:1-3)***

### Pagbati

***P*** – Sa ngalan ng Ama at ng Anak at ng Espiritu Santo!
***B*** – **Amen!**
***P*** – Ang biyaya ng ating Panginoong Hesukristo, ang pag-ibig ng Diyos Ama, at ang pakikipagkaisa ng Espiritu Santo ay sumainyong lahat.
***B*** – **At sumaiyo rin!**

### Pagsisisi

***P*** – Mga kapatid, aminin natin ang ating mga makasalanan, upang tayo'y maging marapat sa pagdiriwang ng Banal na Paghahaing nagdudulot ng kapatawaran ng Maykapal. *(Manahimik saglit.)*

***P*** – Sinugong tagapagpagaling sa mga nagsisisi, Panginoon, kaawaan mo kami!
***B*** – **Panginoon, kaawaan mo kami!**

***P*** – Dumating na tagapag-anyayang mga makasalana'y magsisi, Kristo, kaawaan mo kami!
***B*** – **Kristo, kaawaan mo kami!**

***P*** – Nakaluklok ka sa kanan ng Diyos Ama para ipamagitan kami, Panginoon, kaawaan mo kami!
***B*** – **Panginoon, kaawaan mo kami!**

***P*** – Kaawaan tayo ng makapangyarihang Diyos, patawarin tayo sa ating mga kasalanan, at patnubayan tayo sa buhay na walang hanggan.
***B*** – **Amen!**

### Panalanging Pambungad

***P*** – Ama naming makapangyarihan, bigyan mo kami ng paninindigang tumahak sa landas ng kabutihan. Sa pagdating ni Kristo, makasalubong nawa kaming may mabubuting gawa upang kapiling niya sa gawing kanan kami ay makapisan sa iyong pinaghaharian sa pamamagitan niya kasama ng Espiritu Santo magpasawalang hanggan.
***B*** – **Amen!**

This issue of ***Patnubay sa Misa*** for free from www.wordandlife.org. A "love offering" for the continuation of our apostolate will be appreciated. Please, send your donation to "Word And Life Publications." Our Savings Account is BPI – # 3711-0028-46. Send us a copy of the deposit slip with your name and (email) address for proper acknowledgment. See contact details on the last page. Thank You!

## PAGPAPAHAYAG NG SALITA NG DIYOS

**Unang Pagbasa** ***Jer 33:14-16***

*Sa loob ng maraming dantaon mula pa nang panahon ni David, ang bayang Israel ay naghintay sa pagdating ng Mesiyas mula sa angkan ni David, ayon sa pangako ng Diyos. Ito ang pangakong nilalaman ng pagbasang ito.*

*L* – Pagbasa mula sa Aklat ni Propeta Jeremias

**Sinabi pa ng Panginoon, "Dumarating na ang araw na tutuparin ko ang aking pangako sa Israel at sa Juda. At sa panahong iyon, pasisibulin ko ang matuwid na sanga ni David. Paiiralin niya ang katarungan at ang katwiran sa buong lupain.**

**Sa mga araw ring iyon, maliligtas ang mga taga-Juda at mapayapang mamumuhay ang mga taga-Jerusalem. At sila'y tatawagin sa pangalang ito: 'Ang Panginoon ang ating katwiran.' "**

Ang Salita ng Diyos!
*B* – **Salamat sa Diyos!**

**Salmong Tugunan** ***Awit 24***

***B** – Sa'yo ako'y tumatawag, Poong D'yos na nagliligtas!*

*R. M. Velez*




*** Ang kalooban mo'y ituro, O Diyos, ituro mo sana sa aba mong lingkod; ayon sa matuwid, ako ay turuan, ituro mo, Poon, ang katotohanan; tagapagligtas ko na inaasahan. *B.***

*** Mabuti ang Poon at makatarungan, sa mga salari'y guro at patnubay; sa mababang-loob siya yaong gabay, at nagtuturo ng kanyang kalooban. *B.***

*** Tapat ang pag-ibig, siya'ng umaakay sa tumatalima sa utos at tipan. Sa tumatalima, siya'y kaibigan, at tagapagturo ng tipan n'yang banal. *B.***

**Ikalawang Pagbasa** ***1 Tes 3:12-4:2***

*Matibay ang paniwala sa nalalapit nang ikalawang pagdating ni Hesus, lalo na ng mga taga-Tesalonica. Ang gayong paniwala ay may mga implikasyon ding moral, ayon kay San Pablo sa sumusunod na magandang panalanging nababagay sa pagsisimula ng Adbiyento.*

*L* – Pagpapahayag mula sa Unang Sulat ni Apostol San Pablo sa mga taga-Tesalonica

**Mga kapatid: Palaguin nawa at pag-alabin ng Panginoon ang inyong pag-ibig sa isa't isa at sa lahat ng tao, tulad ng pag-ibig namin sa inyo. Kung ito ang mangyayari, palalakasin niya ang inyong loob. Sa gayon, kayo'y mananatiling banal at walang kapintasan sa harapan ng ating Diyos at Ama hanggang sa muling pagdating ng ating Panginoong Hesus, kasama ang mga hinirang niya.**

**Isa pang bagay ang ipinapayo namin sa inyo sa pangalan ng Panginoong Hesus. Sana'y lalo pang pagbutihin ninyo ang pamumuhay ninyo ngayon – pamumuhay na ayon sa inyong natutuhan sa amin – upang kayo'y maging kalugud-lugod sa Diyos. Batid naman ninyo ang mga aral na ibinigay namin sa inyo buhat sa Panginoong Hesus.**

Ang Salita ng Diyos!
*B* – **Salamat sa Diyos!**

**Aleluya** ***Awit 84:8***

*B* – **Aleluya! Aleluya!
Pag-ibig mo'y ipakita,
lingapin kami tuwina,
iligtas kami sa dusa!
Aleluya! Aleluya!**

**Mabuting Balita** ***Lu 21:25-28.34-36***

*Ang Ebanghelyo ngayon ay tumutukoy sa pagdating ng makapangyarihang Kristo bilang Hukom ng lahat. Ang ikalawang bahagi ay naglalarawan kung paanong dapat maghanda ang mga mananampalataya para sa dakilang pagdating na pagbabatayan ng kanilang hinaharap na walang hanggan.*

*P* – Sumainyo ang Panginoon!
*B* – **At sumaiyo rin!**
*P* – Ang Mabuting Balita ng Panginoon ayon kay San Lucas
*B* – **Papuri sa iyo, Panginoon!**

**Noong panahong iyon: Sinabi ni Hesus sa kanyang mga alagad: "Magkakaroon ng mga tanda sa araw, sa buwan, at sa mga bituin. Sa lupa, ang mga bansa ay masisindak at malilito dahil sa ugong at mga daluyong ng dagat. Ang mga tao'y hihimatayin sa takot dahil sa pag-iisip sa mga sakunang darating sa sanlibutan; sapagkat mayayanig at mawawala sa kani-kanilang landas ang mga planeta at iba pang katulad nito na nasa kalawakan. Sa panahong iyon, ang Anak ng Tao'y makikita nilang dumarating na nasa alapaap, may dakilang kapangyarihan at malaking karangalan.**

**Kapag nagsimula nang mangyari ang mga bagay na ito, magalak kayo sapagkat malapit na ang pagliligtas sa inyo.**

**Mag-ingat kayo na huwag magumon sa katakawan at paglalasing at mabuhos ang inyong isip sa mga intindihin sa buhay na ito; baka abutan kayo ng Araw na yaon na hindi handa. Sapagkat darating iyon nang di inaasahan ng tao sa buong daigdig. Kaya't maging handa kayo sa lahat ng oras. Lagi ninyong idalangin na magkaroon kayo ng lakas upang makaligtas sa lahat ng mangyayaring ito at makaharap sa Anak ng Tao."**

Ang Mabuting Balita ng Panginoon!
*B* – **Pinupuri ka namin, Panginoong Hesukristo!**

### Homiliya

### Sumasampalataya

*B* – Sumasampalataya ako sa Diyos Amang makapangyarihan sa lahat, na may gawa ng langit at lupa.

Sumasampalataya ako kay Hesukristo, iisang Anak ng Diyos, Panginoon nating lahat. Nagkatawang-tao siya lalang ng Espiritu Santo, ipinanganak ni Santa Mariang Birhen. Pinagpakasakit ni Poncio Pilato, ipinako sa krus, namatay, inilibing. Nanaog sa kinaroroonan ng mga yumao. Nang may ikatlong araw nabuhay na mag-uli. Umakyat sa langit. Naluluklok sa kanan ng Diyos

Amang makapangyarihan sa lahat. Doon magmumulang paririto at huhukom sa nangabubuhay at nangamatay na tao.

Sumasampalataya naman ako sa Diyos Espiritu Santo, sa banal na Simbahang Katolika, sa kasamahan ng mga banal, sa kapatawaran ng mga kasalanan, sa pagkabuhay na muli ng nangamatay na tao at sa buhay na walang hanggan. Amen!

### Panalangin ng Bayan

***P*** **–**Ipinaaalaala sa atin ngayon ng Salita ng Diyos ang pagdating ni Kristo bilang ating hukom, at kung paano tayo dapat maghanda sa pagharap sa kanya. Buong kababaang-loob nating ipanalangin ang biyayang pagsalubong sa kanya nang may malinis na kalooban at mapagpakumbabang pananalig.

***B*** **–Panginoon, pabanalin Mo kami!**

* Para sa Simbahan: manatili nawa siyang isang mabisang paalaala sa buong mundo na ang Panginoon ay patuloy na dumarating sa katauhan ng lahat ng humihingi sa atin ng tulong. Manalangin tayo! ***B.***

* Para sa Santo Papa, mga Obispo, at mga pari: Sa pamamagitan ng kanilang halimbawa, sila nawa'y maging inspirasyon sa buong Simbahan, sa pagiging laging handang sumalubong kay Hesus. Manalangin tayo! ***B.***

* Para sa lahat ng magulang at guro: Ituro nawa nila sa kanilang mga anak at estudyante kung paano makilala si Hesus sa kanilang kapwa at salubungin siya tuwina nang buong puso. Manalangin tayo! ***B.***

* Para sa mga Kristiyanong inuusig dahil sa kanilang pananampalataya: Nawa sila'y manindigan at hindi panghinaan ng loob, sa tulong ng panalangin at suporta ng lahat ng bansa. Manalangin tayo! ***B.***

* Para sa mga may HIV/AIDS: Nawa'y patuloy silang umasa kay Hesus, sa kabila ng kanilang karamdaman, at sila nawa ay mapagkalooban ng pangangalagang tulad ng kay Kristo mula sa mga taong nagmamalasakit sa kanila. Manalangin tayo! ***B.***

* Para sa ating pagsalubong sa taon ng Jubileo: palakasin nawa nito ang ating pananampalataya, at matulungan tayong makilala ang Panginoong muling nabuhay sa ating pang-araw-araw na buhay. Manalangin tayo! ***B.***

***P*** **–**Panginoong Diyos, pinananabikan namin ang pagdating ng Iyong Anak nang buong pananalig at pag-asa. Itulot Mong buong puso namin Siyang salubungin nang sa gayo'y makabahagi kami sa Kanyang kaligayahan magpaka-ilanman.

***B*** **–Amen!**

## PAGDIRIWANG NG HULING HAPUNAN

***P*** **–** Manalangin kayo. . .

***B*** **– Tanggapin nawa ng Panginoon itong paghahain sa iyong mga kamay sa kapurihan niya at karangalan, sa ating kapakinabangan at sa buong Sambayanan niyang banal.**

### Panalangin ukol sa mga Alay

***P*** **–**Ama naming Lumikha, tanggapin mo ang aming mga alay na ikaw rin ang nagbigay. Magdulot nawa ito ng gantimpalang kaligtasan na ngayon pa man ay amin nang pinakikinabangan sa pamamagitan ni Hesukristo kasama ng Espiritu Santo magpasawalang hanggan.

***B*** **– Amen!**

### Prepasyo ng Adbiyento I

***P*** –Sumainyo ang Panginoon!

***B*** –**At sumaiyo rin!**

***P*** –Itaas sa Diyos ang inyong puso at diwa!

***B*** –**Itinaas na namin sa Panginoon!**

***P*** –Pasalamatan natin ang Panginoong ating Diyos!

***B*** **–Marapat na siya ay pasalamatan!**

***P*** **–**Ama naming makapangyarihan, tunay ngang marapat na ikaw ay aming pasalamatan sa pamamagitan ni Hesukristo na aming Panginoon.

Siya'y isinugo mo upang matupad ang iyong magandang balak para sa lahat. Hindi niya ikinahiyang mamuhay nang mahirap upang mapakisamahan niya kaming matapat. Siya'y naging hindi na iba sa amin upang maitampok niya kami sa iyong piling. Sa kanyang lantarang muling pagdating ang pakikisama niya'y puspusang magniningning at ang pangako niyang kapana-panabik ay inaasahan naming lubos na makakamit.

Kaya kaisa ng mga anghel na nagsisiawit ng papuri sa iyo nang walang humpay sa kalangitan, kami'y nagbubunyi sa iyong kadakilaan:

***B*** **– Santo, santo, santo Panginoong Diyos ng mga hukbo. Napupuno ang langit at lupa ng kadakilaan mo. Osana sa kaitaasan!**

**Pinagpala ang naparirito sa ngalan ng Panginoon. Osana sa kaitaasan!**

### Pagbubunyi

***B*** **–Aming ipinahahayag na namatay ang 'yong Anak, nabuhay bilang Mesiyas at magbabalik sa wakas para mahayag sa lahat.**

## PAKIKINABANG

***B*** **– Ama namin . . .**

***P*** **–** Hinihiling namin . . .

***B*** **– Sapagkat iyo ang kaharian at ang kapangyarihan at ang kapurihan magpakailanman! Amen!**

### Paanyaya sa Kapayapaan

### Paghahati-hati sa Tinapay

***B*** **– Kordero ng Diyos na nagaalis ng mga kasalanan ng sanlibutan, maawa ka sa amin. (2×)**

**Kordero ng Diyos na nagaalis ng mga kasalanan ng sanlibutan, ipagkaloob mo sa amin ang kapayapaan.**

### Paanyaya sa Pakikinabang

***P*** **–** Ito ang Kordero ng Diyos. Ito ang nag-aalis ng mga kasalanan ng sanlibutan. Mapalad ang mga inaanyayahan sa kanyang piging.

**B –Panginoon, hindi ako karapat-dapat na magpatuloy sa iyo ngunit sa isang salita mo lamang ay gagaling na ako.**

### Antipona ng Pakikinabang

*(Ipahahayag lamang kung walang awiting nakahanda.)*

**Tunay na pauunlarin ng Poon**

**ang buhay natin. Ang halamang nakatanim sa bukid nati't lupai'y magbubunga't aanihin.**

***(Salmo 85:12)***

### Panalangin Pagkapakinabang

***P*** **–**Ama naming mapagmahal, mapakinabangan nawa namin ang aming pinagsaluhan upang sa aming paglalakbay dito sa lupang papanaw, aming mapanaligan ang iyong pagpapalang pangmag-pakailanman sa pamamagitan ni Hesukristo kasama ng Espiritu Santo magpasawalang hanggan.

***B***– Amen!

## PAGWAWAKAS

***P*** –Sumainyo ang Panginoon.

***B*** –**At sumaiyo rin!**

***P*** –Magsiyuko kayo at ipanalangin ang pagpapala ng Diyos. *(Manahimik saglit.)*

–Dalisayin nawa ng Panginoon ang inyong mga kalooba't isipan.

***B*** –**Amen!**

***P*** –Gawin nawa niya kayong mga kasangkapan ng pagbabago sa Simbahan at sa lipunan.

***B*** –**Amen!**

***P*** –Ang banal na panahon ng Adbiyento nawa'y maging tagapaghatid ng katiwasayang panloob at panlabas para sa inyong lahat.

***B*** –**Amen!**

***P*** –Pagpalain nawa kayo ng makapangyarihang Diyos: Ama, Anak, at Espiritu Santo.

***B*** –**Amen!**

***P*** –Humayo kayo upang ibigin at paglingkuran ang parating na Panginoon.

***B*** –**Salamat sa Diyos!**

Listen to
**BISPERAS SA VERITAS**
(846 kHz)
Saturdays 5:00 - 6:00 P.M.

## PASIBULIN, PAIRALIN, PALAGUIN AT PAG-ALABIN!

*Kalakbay at Katoto*

Puno ng pangako ang mga pagbasa sa unang Linggo ng Adbiyento. Hindi natin maipagkakaila na si Jeremias ay isang tagapaghatid ng matimyas na pag-asang umiinog sa katotohanang isang "matuwid na sanga" ang "pasisibulin" at "paiiralin." Pag-asa at maalab na paghihintay ang mensaheng lumulutang sa matulaing mga katagang binibitawan ni Jeremias.

Bilang pari at pastol, tungkulin ko ang magpahayag ng walang patid at walang sawang pahayag ng Banal na Kasulatan. Tungkulin ko ang iangat kahit kaunti ang pangitain at tanawin ng puso nating patuloy na naghahanap ng mga kasagutan sa likod ng mapapait nating karanasan sa lipunang nabubuhay sa lupang bayang kahapis-hapis.

Hindi na ako magpapatumpik-tumpik pa. Sisibol at iiral ang katarungan ng Diyos. Naganap na ito. Nagaganap ito, at magaganap pa. Naganap ito sa kasaysayan, sa pagsilang ng Mananakop. Nagaganap ito sa kahiwagaan, sa larangan ng pananampalataya . . . sa sandaling ito, bagaman at tayo ay nalalambungan ng balag ng alanganin at pangamba. Magaganap pa ito. Ito ang diwa ng pag-asang hatid ng mga pagbasa natin.

Pero, sandali lang. Ito bang diwa ng Adviento ay isa lamang paghihintay sa wala? Ito ba ay isang masidhi lamang na pagnanasa dahil sa wala nang iba pang maaring masandigan ang tao? Ito ba ay isang konsuelo de bobo lamang . . . isang *pacifier* na isinasalpak sa bibig ng bata upang tumahan?

Hindi ito ang aking naririnig sa araw na ito. Oo . . . sisibol at iiral ang katarungan . . . Ito ang saad ni Jeremias. Pero ito ay nalalakipan ng mga pahatid ni Pablo sa liham sa mga taga Tesalonika. . . palaguin, aniya . . . pag-alabin ang pag-ibig. Ito ay isang masidhing hangad, totoo. Nguni't hindi lamang isang hangad. Ito ay isang plataporma ng wastong pamumuhay – ang mapasa-ilalim sa pamamatnubay ng Diyos – ang kagustuhang tumalima sa kalooban ng Diyos.

Di ba' t ito ang ating hiling sa Poon na kabibigkas lamang natin pagkatapos ng unang pagbasa? "Sa 'yo ako'y tumatawag, Poong Diyos na nagliligtas!"

Nanghihinawa tayong lahat . . . nanghihina . . . naghihingalo sa maraming paraan at dahilan.

May tugon ang Diyos sa ating panalangin. Nakita natin kung paano sa pagkakaisa ng mga tao sa *cyberspace* ay maraming himalang naganap. Nakita natin na kung mayroong kapasyahan ay mayroon ding kaparaanan. Mayroon tayong kakayahan. Mayroon tayong pag-asa. At ang pag-asang ito ay hindi naka-ugat sa pagnanasa lamang, kundi sa paggawa.

Tayo ang pagbabagong hinahangad nating lahat. Tayong lahat ay may angking kakayahang maging bayani sa paglilingkod, sa pagsisikap na iangat mula sa lusak ang espiritu ng taong hindi kailanman mapapatay ninuman at ng ano pa man.

Magsimula tayo sa ating sarili. Pasibulin natin . . . Pairalin, palaguin, at pag-alabin. Sa kanya tayo tumatawag, sa Poong Diyos na nagliligtas!

WORD AND LIFE PUBLICATIONS

**Don Bosco Compound, A. Arnaiz Ave. cor. Chino Roces Ave., Makati, Metro Manila**
***Postal Address:*** P.O. Box 1820, MCPO, 1258 Makati, Metro Manila, Philippines
***Tel. Nos.*** 8894-5401; 8475-8945 • ***Website:*** www.wordandlife.org
• ***E-mail:*** wordandlifepublications@gmail.com • ***FB:*** Word And Life Publications
• ***Editorial Team:*** Fr. J. Camaya, Fr. C. Dimaranan, Fr. D. Duya, V. David, R. Molomog, D. Daguio
• ***Illustrations:*** A. Sarmiento, B. Cleofe • ***Circulation:*** R. Saldua


20th Anniversary!
BISPERAS sa Veritas
Since 2004
+Fr. Sal Putzu, SDB
+Dr. Cecilia Valmonte, EdD
LISTEN to Bisperas Sa Veritas over Radio Veritas 846kHz
every Saturday, 5:00pm to 6:00pm
"Ang Salita ng Diyos ay Buhay!
Ang Buhay ng Pamilya!"
Watch it LIVE through DZRV 846 Facebook Page
Please LIKE @Bisperas Sa Veritas Facebook Page
where you can watch our past programs, get copies of the program's
inspiring opening prayers, and get the latest updates on Church's concerns
Bisperas Sa Veritas is brought to you by
Word Media Ministry and Word And Life Publications